# GLENN GALON

Si GLENN GALON (o BON) ay ipinanganak sa Region 6. Natapos niya ang kursong BSE-Filipino sa RTU-Mandaluyong. Ganap na kasapi ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo o LIRA at Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. - Sangay ng Maynila. Nasungkit niya ang Ikatlong Gantimpala sa Unang Ani ng Premyong LIRA. Mababása ang kaniyang mga tula, dagli, at sanaysay sa iilang publikasyon, libro man o onlayn. Kasalukuyan siyang guro sa isang pampribadong paaralan sa Visayas.

# BEKS VILLANELLE

Kon balatian mangin bayot,
Wala na sing bulong sa amon.
Indi ninyo kami maurot.

Bilog nga banwa ang malatnan
Kag kamo ining alanganon
Kon balatian mangin bayot

Kay kadangatan namon daghang
Kagaw nga wala kamatayon—
Indi ninyo kami maurot.

Yara kami sa inyo laway,
Sa hangin, sa duta; intawon,
Kon balatian mangin bayot

Makahimo kami sang angay
Nga unibersong may katarung:
Indi ninyo kami maurot.

Balatian ang magataman
Sang kalaut sa amon kay kon
Balatian ang mangin bayot,
Indi ninyo kami maurot.

# BEKS VILLANELLE

*salin sa Filipino*

Kung sakit ang pagiging baklâ
Ay wala nang gamot sa amin.
Hindi n'yo kami mapupuksa.

Mahahawa ang buong bansa't
Kayo ri'y nasa alanganin
Kung sakit ang pagiging baklâ

Dahil taglay namin ay laksang
Buháy na kagaw, walang taning—
Hindi n'yo kami mapupuksa.

Kami ay nasa inyong dura,
Sa hangin, sa lupa; marahil,
Kung sakit ang pagiging baklâ'y

Kolektibong makalilikha
Ng unibersong walang turing:
Hindi n'yo kami mapupuksa.

Sakit ang sinumang magtangkang
Lipulin kaming lahat dahil
Kung sakit ang pagiging baklâ,
Hindi n'yo kami mapupuksa.